# Walang taas singil sa buwis sa QC, nais ipatupad ni Joy B

Hindi kailangang magpataw ng dagdag na bayarin ang mga taga – Quezon City upang mapataas ang kita ng lungsod.

Ayon kay QC Vice Mayor Joy Belmonte, hindi dagdag pasaning problema ng mamamayan ang kailangan sa paglikom ng mas mataas na kita ang lokal na pamahalaan kundi sa pamamagitan ng maayos na sistema sa pagkolekta ng buwis.

Nilinaw ni Belmonte na kung bibigyan ng pagkakataong maging Mayor ng QC, walang magaganap na pagtaas ng singil sa buwis sa ilalim ng kanyang panunungkulan.

"The solution is not in tax increases. The solution is in improving tax collection. Ang dapat mapunta sa bayan, dapat ibigay sa bayan, tataas naman nang kusa ang pondo ng lungsod basta tama at maayos ang pangongolekta. Magkakaroon tayo ng pagtaas sa revenue. I assure you that there will be no tax increase in my time. Not in my term," dagdag ni Belmonte.

Niliwanag din nito na walang 500 percent increase sa real property tax bunsod ng fair market value ordinance sa QC na kasalukuyang nakasuspinde.

Anya, ang market value o halaga ng ari-arian lamang ang tataas upang mas makinabang ang mga may-ari nito kung sakaling ibebenta nila ang kanilang property sa hinaharap.

"We are the only city in Metro Manila with properties that have low fair market value. In the end, it will be the owners' gain if they decided to sell their properties. I think we just need to explain it to them properly."

Binigyang diin ni Belmonte na magsasagawa ang sanggunian ng karagdagang public consultation upang malaman ang mga hinaing ng mga homeowners at mas mapabuti pa ang nasabing ordinansa para sa kapakanan ng mga taga-lungsod. *(Angie dela Cruz)*